



### **Ibabalik ang serbisyo ng Brampton Transit sa Steeles West Corridor simula Marso 16**

BRAMPTON, ON (Marso 15, 2021) –Ibabalik ang serbisyo ng Brampton Transit sa Steeles West Corridor epektibo sa pagsisimula ng serbisyo sa Martes, Marso 16.

Ang pansamantalang pagsuspende ng serbisyo sa Steeles West Corridor ay isang operational na pasya na ginawa ng Brampton Transit sa panahon ng aktibong imbestigasyon ng Peel Public Health dahil sa matinding pag-iingat. Nakikipagtulungan sa Peel Public Health sa pagsasagawa ng pagrepaso, magbabalik ang serbisyo at patuloy na walang dagdag na panganib sa mga operator, sa publiko o sa mga gumagamit ng transit na higit pa sa panganib ng paghahawa sa komunidad.

Babalik sa regular na serbisyo ang sumusunod na mga ruta:

- 11 Steeles
- 51 Hereford
- 511 Zum Steeles

Para sa karagdagang mga update sa serbisyo, pakibisita ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com), [Brampton Transit's Twitter](#) o tumawag sa 905.874.2999.

#### **Imbestigasyon sa komunidad kaugnay ng COVID-19 ng Peel Public Health**

Nakikipagtulungan nang mabuti ang Brampton Transit sa Peel Public Health habang kinukumpleto nila ang imbestigasyon sa komunidad

Naaayon sa tagubilin ng Peel Public Health na tumulong na mapanatiling ligtas ang mga empleyado at ang publiko, ang mga operator ng Brampton Transit ay binibigyan ng on-site testing at inuutusang magsuot ng mga medikal na mask. Dahil ang paghiwalay sa sarili ay iniuutos sa ilang sitwasyon, maaaring maaapektuhan ang mga antas ng serbisyo ng Brampton Transit. Hinihingi naming ang pasyensya mula sa mga rider sa panahong ito.

Sinabi ng Peel Public Health na ang testing ay ginagawa para sa matinding pag-iingat. Sa panahong ito, sa mga inirerekumendang karagdagang pamamaraan, walang karagdagang panganib sa mga operator, publiko, o mga gumagamit ng transit na higit pa sa panganib na umiiral dahil sa nagpapatuloy na paghawa sa komunidad. Sa paghawa sa komunidad, mahalaga para sa lahat ng mga gumagamit ng transit na magpatuloy sa pagsunod sa mga rekomendasyon ng public health. Huwag sumakay sa transit kung ikaw ay may mga sintoma o isang malapit na kontak ng isang tao na nadayagnos na may COVID-19. Habang nasa transit, panatilihin ang paglayo mula sa iba hangga't maaari, magsuot ng mahigpit na pagkaka-fit na mask at iwasan ang pagbaba ng mga mask (pati na sa pagkain o pag-inom) maliban kung ito ay isang medikal na emergency.

Para sa mas maraming detalye kaugnay ng imbestigasyon ng komunidad, pakikontak ang Peel Public Health.

#### **Mga pangkaligtasang pamamaraan para sa COVID-19 sa Brampton Transit**

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48

oras. Ang karamihan sa mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Sa patnubay mula sa Peel Public Health, pinapaalalahanan namin ang mga rider sa sumusunod:

- Ang mahigpit na pagkaka-fit na mga pantakip ng mukha o mga hindi medikal na mask ay mandatoryo sa mga terminal at habang nakasakay sa mga bus – mailalapat ang mga eksemsyon kabilang ang mga medikal na kondisyon. Ang mga pantakip ng mukha ay dapat tatakip sa iyong ilong, bibig at panga sa lahat ng oras. Iwasan ang pagbaba ng mga mask (pati na sa pagkain o pag-inom) maliban kung ito ay isang medikal na emergency.
- Panatilihin ang paglayo mula sa iba sa mga terminal at mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask.
- Magdala ng iyong sariling personal disinfectant kapag nagbibiyahe, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang iyong mga kamay
- Kung may sakit ka, pakiiwasan ang pagsakay sa transit. Tiyakin na magpa-test sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health

Patuloy na gagawin ng Brampton Transit ang lahat ng kailangang mga hakbang para mapababaan ang potensyal na panganib na malantad sa COVID-19 para mapanatiling ligtas ang ating mga empleyado at ang komunidad.

## Background

- [Suspendido ang serbisyo ng Brampton Transit sa Steeles West Corridor simula Marso 10](#)
- [Mga pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula Marso 9](#)

-30-

### KONTAK NG MEDIA NG LUNGSOD NG BRAMPTON

Gurvinder Singh  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-2028 | [Gurvinder.A.Singh@brampton.ca](mailto:Gurvinder.A.Singh@brampton.ca)

### KONTAK NG MEDIA NG REHIYON NG PEEL

Ashleigh Hawkins  
Communications Specialist – Public Health  
Rehiyon ng Peel  
416.818.4421 | [ashleigh.hawkins@peelregion.ca](mailto:ashleigh.hawkins@peelregion.ca)